

Bakit Hindi Binigyan ng Tagapaglikha ang mga Tao ng Pagkakataon na Pumili Kung Gusto Nila Maging Buhay o Hindi?

Kung nais ni Allah na bigyan ang Kanyang mga nilalang ng pagkakataon na pumili kung nais nilang maging buhay o hindi, dapat munang magkaroon ng kanilang pag-iral. Paano maaaring magkaroon ng opinyon ang mga tao kung sila ay wala pa? Ang isyu rito ay tungkol sa pag-iral at kawalan. Ang pagkagusto ng tao sa buhay at takot na mawala ito ay pinakamalaking patunay na sila ay masaya sa biyayang ito.

Ang biyaya ng buhay ay isang pagsubok para sa mga tao upang malaman kung sino ang mabuting taong masaya sa kanilang Panginoon mula sa masamang taong galit sa Kanya. Ang karunungan ni Allah sa paglikha ay upang kilalanin ang mga masaya sa Kanya upang sila ay mapabilang sa Kanyang kaharian sa hinaharap.

Ang tanong na ito ay nagpapakita na kapag ang pagdududa ay nag-ugat sa isipan, natatakpan nito ang lohikal na pag-iisip, na isa sa mga patunay ng kahima-himala ng Quran.

Sinabi ni Allah:

"Aking aalisin sa Aking mga talata yaong mga nagmamataas sa lupa na walang karapatan; at kahit makakita sila ng bawat tanda, hindi sila maniniwala rito; at kung makakita sila ng landas ng katuwiran, hindi nila ito tatahakin bilang kanilang daan; at kung makakita sila ng landas ng pagkakamali, ito ang kanilang tatahakin. Iyan ay dahil sila ay nagtakwil sa Aking mga talata at sila ay naging mga pabaya tungkol dito." (Al-Araf: 146).

Hindi tamang isaalang-alang na ang pag-alam sa karunungan ng Diyos sa paglikha ay karapatan natin na dapat nating hingin, kaya't ang hindi pagbigay nito sa atin ay hindi kawalan ng katarungan.

Kapag binigyan tayo ni Allah ng pagkakataon sa buhay na walang hanggan sa isang paraiso na mayroong mga bagay na hindi narinig ng tainga, hindi nakita ng mata, at hindi naisip ng puso ng tao. Anong kawalan ng katarungan dito?

Binigyan tayo ng malayang kalooban upang tayo mismo ang magdesisyon at pumili kung ano ang nais natin: ang paraiso o ang kaparusahan.

Ipinaalam sa atin ni Allah kung ano ang naghihintay sa atin at binigyan tayo ng malinaw na mapa ng daan upang marating ang paraiso at maiwasan ang kaparusahan.

Ginagabayan tayo ni Allah sa iba't ibang paraan at pamamaraan upang tahakin ang daan patungo sa paraiso at binabalaan tayo nang maraming beses na huwag tahakin ang daan patungo sa impyerno.

Ikinukwento sa atin ni Allah ang mga kuwento ng mga nasa paraiso at kung paano nila ito natamo, gayundin ang mga nasa impyerno at kung paano sila naparusahan upang tayo ay matuto.

Ikinukwento sa atin ni Allah ang mga pag-uusap ng mga nasa paraiso at mga nasa impyerno upang lubos nating maunawaan ang aral.

Binigyan tayo ni Allah ng sampung beses na gantimpala para sa isang mabuting gawa, at isang beses na kaparusahan para sa isang masamang gawa, at ipinaalam Niya ito sa atin upang tayo ay magsikap sa paggawa ng mabuti.

Ipinaalam sa atin ni Allah na kapag sinundan natin ang masamang gawa ng isang mabuting gawa, mawawala ang masamang gawa. Kaya't tayo ay nagkakamit ng sampung gantimpala at natatanggal ang isang kasalanan.

Ipinaalam sa atin ni Allah na ang pagsisisi ay nagpapawalang-bisa ng nakaraang mga kasalanan, kaya't ang isang nagsisisi ay tulad ng walang kasalanan.

Ginagawa ni Allah na ang nagbibigay gabay sa kabutihan ay kapareho ng gumagawa ng kabutihan.

Ginagawang madali ni Allah ang pagkakaroon ng mga gantimpala; maaari tayong makakuha ng malalaking gantimpala at matanggal ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng paghingi ng kapatawaran, pagdadasal, at pag-alaala kay Allah nang walang hirap.

Bawat titik ng Quran ay katumbas ng sampung gantimpala.

Bibigyan tayo ni Allah ng gantimpala kahit sa intensyon ng paggawa ng mabuti kahit hindi natin ito magawa, at hindi Niya tayo paparusahan sa intensyon ng

paggawa ng masama kung hindi natin ito isinagawa.

Ipinapangako ni Allah na kapag nagsimula tayo sa paggawa ng mabuti, lalo Niya tayong gagabayan, tutulungan, at pasisikatin ang daan patungo sa kabutihan.

Kaya't anong kawalan ng katarungan dito?

Sa katunayan, hindi tayo tinrato ni Allah ng katarungan lamang, kundi tinrato Niya tayo ng Kanyang awa, kabaitan, at kagandahang-loob.

سؤال وجواب حول الإسلام

Source: <https://www.mawthuq.net/demo/qa/tl/show/12/>

Arabic Source: <https://www.mawthuq.net/demo/qa/ar/show/12/>

Monday 27th of April 2026 05:30:38 PM